

# Abiso ng Sertipikasyon ng Pagkilos ng Klase sa Maling pag-uuri ng Uber

Kung gumamit kayo ng Uber App para maghatid ng mga pasahero at/o para magbigay ng mga serbisyo sa paghahatid anumang oras mula noong Enero 1, 2012, maaaring maapektuhan ang inyong mga legal na karapatan. Dapat ninyong basahin nang mabuti ang abisong ito.

Ang Abisong ito ay availabler online sa [www.uberlawsuit.ca](http://www.uberlawsuit.ca) sa sumusunod na mga wika: Arabe, Mandarin, Hindi, Cantonese, Punjabi, Tagalog, Urdu, Korean, Tamil, at Espanyol.

---

## 1. SERTIPIKASYON NG PAGKILOS NG KLASE

Noong Agosto 12, 2021, isang pagkilos na kilala bilang *Heller v Uber Technologies Inc*, Court File No., CV-17-567946-00CP, ay sinertipikahan bilang isang paglilitis ng klase sa pamamagitan ng kautusan ng Superior Court of Justice ng Ontario (“ang Hukuman”). Nangangahulugan ito na ang mga karaniwang isyu na sinertipikahan (at inilarawan sa [www.uberlawsuit.ca](http://www.uberlawsuit.ca)) ay lilitisin sa iisang paglilitis, na tinatawag na Paglilitis sa Mga Karaniwang Isyu (Common Issues Trial), sa ngalan ng mga miyembro ng Klase (tinukoy sa ibaba) na napapailalim sa karagdagang kautusan ng hukuman. Itinalaga ng Kautusan sina David Heller at Felicia Garcia bilang Kinatawang Nagsasakdal para sa Klase.

## 2. TUNGKOL SAAN ANG PAGKILOS NG KLASE NA ITO

Ang Kinatawang Nagsasakdal na si David Heller ay gumamit ng Uber App para magbigay ng mga serbisyo sa paghahatid, at ang Kinatawang Nagsasakdal na si Felicia Garcia ay gumagamit ng Uber App para maghatid ng mga pasahero at magbigay ng mga serbisyo sa paghahatid.

Ang mga Nasasakdal ay ang Uber Technologies Inc., Uber Canada Inc., Uber B.V., Rasier Operations B.V., at Uber Portier B.V. (sama-samang tinutukoy bilang "Uber"). Ang Uber ay isang kumpanya ng teknolohiya na, bukod sa iba pang mga bagay, ay bumubuo at naglilisensya ng mga computer software application (tinukoy bilang "Uber Apps"). Ang Uber ay pumapasok sa mga kasunduan sa mga serbisyo sa mga driver at taong naghahatid na gumagamit ng Uber Apps para magbigay ng mga serbisyo sa transportasyon at paghahatid sa mga ikatlong partido sa buong Ontario.

Sina Mr. Sina G. Heller at Gng. Garcia, sa ngalan ng kanilang sarili at ng Klase ng mga taong inilarawan sa ibaba, ay naghahabol ng mga pinsala mula sa Uber para sa paglabag sa *Batas sa Mga Pamantayan ng Pagtatrabaho* ng Ontario at paglabag sa kontrata. Ang pangunahing paghahabol nina G. Heller at Gng. Garcia ay ang pagkakamali ng Uber sa pag-uuri ng mga driver at taong naghahatid na nagbibigay ng mga serbisyo sa transportasyon at paghahatid sa pamamagitan ng Uber Apps bilang mga independyenteng kontratista at samakatuwid ay labag sa batas na pinagkaitan sila ng mga karapatan na dapat bayaran sa kanila bilang mga empleyado sa ilalim ng *Batas sa Mga Pamantayan ng Pagtatrabaho* ng Ontario.

Ang tugon ng Uber sa mga paghahabol ng mga nagsasakdal ay hindi mga empleyado ng Uber ang mga driver at taong naghahatid. Sa halip, iginiit ng Uber na ang mga driver at taong naghahatid ay mga customer ng Uber na gumagamit ng Uber Apps para kumita ng pera sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga serbisyo sa transportasyon at paghahatid sa kanilang mga customer. Ang posisyon ng Uber ay hindi mga empleyado ang mga driver at taong naghahatid dahil mayroon silang kakayahang gamitin ang Uber Apps kung kailan at saan nila gusto, nang walang mga shift o pagtatalaga; maaaring tanggihan ang mga kahilingan; maaaring gumamit ng ibang mga app sa ridesharing o paghahatid ng pagkain, o makisali sa iba pang trabaho o negosyo; walang manager; makakapili ng kanilang sariling paraan ng transportasyon; at hindi nagsusuot ng uniporme. Naninindigan din ang Uber na ang katayuan ng trabaho ng mga driver at taong naghahatid ay hindi maaaring matukoy nang pareho dahil hindi lahat ng mga driver at taong naghahatid ay may parehong karanasan at relasyon sa Uber.

Kung matagumpay ang Klase, ang umiiral nang kontraktwal na relasyon sa pagitan ng Uber at ng mga driver at taong naghahatid na lumahok sa pagkilos ng klase ay mababago. Sa halip na maiuri bilang mga customer ng Uber o bilang mga independiyenteng kontratista, ang mga driver at taong naghahatid ay mauuri bilang mga empleyado ng Uber at ituturing na sila ay "nagtatrabaho para sa Uber" kapag gumagamit ng Uber Apps.

Sa Paglilitis ng Mga Karaniwang Isyu, maaaring tukuyin ng Hukuman ang isa (o kumbinasyon ng) mga sumusunod na resulta:

1. ang mga driver at taong naghahatid (o ang ilan sa kanila) ay mga customer ng Uber, hindi mga empleyado;
2. ang mga driver at taong naghahatid (o ang ilan sa kanila) ay mga independiyenteng kontratista, hindi mga empleyado;
3. ang mga driver at taong naghahatid (o ang ilan sa kanila) ay mga empleyado ng Uber; o
4. na para sa lahat ng mga driver at taong naghahatid, ang kanilang katayuan sa pagtatrabaho ay hindi maaaring matukoy sa karaniwan ngunit mangangailangan ng mga indibidwal na paglilitis.

Ang Klase ay naghahabol ng mga pinsala kaugnay ng hindi pagbabayad ng Uber sa minimum na sahod ng Klase, bayad sa bakasyon, pampublikong holiday at premium na bayad, bayad sa pagtatapos, at potensyal na bayad sa overtime. Humihingi din ang Klase ng mga pinsala kaugnay ng kanilang sariling mga gastos na natamo habang nagbibigay ng mga serbisyo sa transportasyon at paghahatid sa Uber Apps, anumang negatibong pananagutan sa buwis na natamo bilang resulta ng kanilang maling pag-uuri, at hindi nabayarang *Canada Pension Plan* {ut2 }at mga *kontribusyon sa Batas sa Seguro ng Pagtatrabaho (Employment Insurance Act)*. Naniniwala ang Hukuiman na ang halaga ng mga pinsalang dapat bayaran, kung mayroon man, ay nakadepende sa mga indibidwal na pagtatasa, na maaaring maganap pagkatapos ng Pagsubok sa Mga Karaniwang Isyu.

Ang Hukuman ay hindi pa pumapanig sa anumang posisyon sa katotohanan o merito ng mga paghahabol na iginigiit nina G. Heller at Gng. Garcia o ng mga depensa ng Uber sa mga paghahabol na iyon. Ang mga alegasyon nina G. Heller at Gng. Garcia ay hindi pa napapatunayan sa hukuman.

### **3. ANG KLASE**

Sa kautusan ng hukuman, ang Klase sa demanda na ito ay tinukoy bilang:

Sinumang tao na, mula noong Enero 1, 2012, sa Ontario ay gumamit ng Uber app para maghatid ng mga pasahero at/o magbigay ng mga serbisyo sa paghahatid alinsunod sa isang Kasunduan sa Serbisyo sa Uber B.V., Rasier Operations B.V., at/o Portier B.V.

Ang “Kasunduan sa Serbisyo” ay nangangahulugan na: isang kasunduan sa Uber B.V., Rasier Operations B.V., at/o Portier B.V. para magbigay ng anuman o lahat ng sumusunod na serbisyo gamit ang Uber App: Uber Eats, UberX, UberXL, Uber Comfort, Uber Black, Uber SELECT, Uber Black SUV, Uber Premier, Uber Premier SUV, Uber Taxi, Uber WAV, Uber Assist, Uber Pool, Uber Green, at Uber Connect.

Kung kabilang kayo sa kahulugan ng Klase, maaari kayong awtomatikong maisama sa pagkilos ng klase. Para mag-opt out sa pagkilos ng klase na ito, kailangan ninyong kumumpleto ng isang “opt out” form sa [www.uberlawsuit.ca](http://www.uberlawsuit.ca) o magpadala ng nakasulat na kahilingang mag-opt out sa pamamagitan ng email sa [info@uberlawsuit.ca](mailto:info@uberlawsuit.ca) o sa address na nakalista sa ibaba, na may postmark na hindi lalampas sa: Mayo 28, 2024.

**Koreo:** Samfiru Tumarkin LLP  
RE: Uber Driver Misclassification Class Action  
350 Bay Street, 10th Floor  
Toronto, ON M5H 2S6

Dapat ay kasama sa inyong nakasulat na kahilingang mag-opt out ang: inyong pangalan, address, email address, numero ng telepono, petsa ng inyong kahilingan, at isang pahayag na gusto ninyong mag-opt out sa pagkilos ng klase sa Uber.

### **Mahalagang Paalala sa mga Driver at Taong Naghahatid na gumagamit ng Uber App simula Agosto 26, 2020:**

Inutos ng Hukuman na maaaring isama sa Klase ang mga driver at taong naghahatid na nakatanggap at tumanggap ng inamyendahang mga tuntunin ng serbisyo na nakapetsa ng Agosto 26, 2020. Ang inamyendahang tuntunin ng serbisyo na ito ay naglalaman ng Probisyon ng Arbitrasyon na nagbabawal sa mga driver at mga taong naghahatid sa paglahok o pagbawi mula sa anumang sama-samang paglilitis, kabilang ang isang pagkilos ng klase, maliban kung nag-opt out sila sa Probisyon ng Arbitrasyon. Alinsunod dito, kung tinanggap ninyo ang mga tuntunin ng

serbisyo noong Agosto 26, 2020 at ayaw ninyong lumahok sa pagkilos ng klase na ito, dapat pa rin kayong mag-opt out ayon sa mga pamamaraan sa pag-opt out na inilarawan sa itaas.

Kung tinanggap ninyo ang mga tuntunin ng serbisyo noong Agosto 26, 2020, at nais ninyong lumahok sa pagkilos ng klase na ito, maaari kayong makatagpo ng depensa na tinalikuran ninyo ang inyong karapatang ituloy ang mga paghahabol para sa kabayaran mula sa Uber dahil tinanggap ninyo ang mga tuntunin ng serbisyo noong Agosto 26, 2020. Kung ang Paglilitis sa Mga Karaniwang Isyu o Common Issues Trial (o anumang kasunod na apela) ay natukoy na pabor sa Klase, ang isang pagpapasiya ng mga merito ng pagtatanggol na ito ay magaganap sa mga pagsubok sa mga indibidwal na isyu kasunod ng Paglilitis sa Mga Karaniwang Isyu. Ang mga indibidwal na paglilitis sa mga isyu na ito ay maaaring magsama ng isang pagpapasiya kung kayo ay napapailalim sa Probisyon ng Arbitrasyon at, kung gayon, hindi kayo maaaring pahintulutan na makakuha ng anumang kaluwagan mula sa Mga Nasasakdal.

#### **4. PAG-OPT OUT SA PAGKILOS NG KLASE**

Ang deadline para sa pag-opt out sa pagkilos ng klase at sa gayon ay ibukod ang inyong sarili ay sa Mayo 28, 2024. Kung ang inyong nakasulat na kahilingang mag-opt out ay hindi natanggap sa petsang iyon maaari kayong manatiling miyembro ng Klase. Kung nais ninyong manatiling miyembro ng Klase, wala kayong kailangang gawin sa gayon.

Kung kayo ay ***mag-opt out***, hindi kayo magiging kwalipikado na lumahok sa paglilitis ng klase (kabilang ang anumang kasunduan o igagawad ng hukuman, kung sakaling tagumpay ang Mga Nagsasakdal) at hindi kayo mapapatali sa anumang mga utos ng hukuman na inilabas sa pagkilos ng klase, pabor man o hindi. Gayunpaman, kayo ay makakapagdala ng paglilitis laban sa mga Nasasakdal nang mag-isa kaugnay ng mga paghahabol na tinalakay sa abisong ito (napapailalim sa anumang mga depensa na maaaring mayroon ang mga Nasasakdal).

Kung kayo ay ***hindi mag-opt out***, maaari kayong lumahok sa pagkilos ng klase (kabilang ang anumang kasunduan o igagawad ng hukuman, kung ang Mga Nagsasakdal ay matagumpay). Ang inyong paglahok sa pagkilos ng klase ay maaaring nakadepende sa kung sumang-ayon kayo o hindi sa Probisyon ng Arbitrasyon noong Agosto 26, 2020 at kung ang hukuman o arbitrador ay nagdesisyon na ang Probisyon ng Arbitrasyon ay wasto. Kung makakalahok kayo sa pagkilos ng klase, kayo ay mapapatali sa anumang utos ng hukuman na inilabas sa pagkilos ng klase, pabor man o hindi. Gayunpaman, maaaring hindi ninyo magawang magdala ng paglilitis laban sa mga Nasasakdal nang mag-isa kaugnay ng parehong mga paghahabol na tinalakay sa abisong ito (anuman ang huling resulta ng demanda).

## **5. MGA KAHIHINATNANG PINANSYAL**

Kung ang Paglilitis sa Mga Karaniwang Isyu ay napagpasyahan na pabor sa Klase, o sa anumang kasunod na apela, ang ilang miyembro ng klase ay maaaring may karapatan na makatanggap ng pinansiyal na kabayaran mula sa mga Nasasakdal sa karagdagang indibidwal na mga paglilitis sa pinsala. Sa kaganapang iyon, ang paglahok ng mga indibidwal na driver at taong naghahatid ay kinakailangan para matukoy ang indibidwal na kabayaran sa pananalapi, kung mayroon man. Ang mga driver at taong naghahatid na sumang-ayon sa mga tuntunin ng serbisyo noong Agosto 26, 2020 ay maaaring matugunan ng isang depensa sa mga indibidwal na paglilitis sa pinsala na kanilang tinalikuran ang kanilang karapatang ituloy ang mga paghahabol para sa kabayaran mula sa Uber. Bilang karagdagan, kung sakaling matukoy ang Paglilitis sa Mga Karaniwang Isyu na pabor sa Klase, tutukuyin din ng Korte ang halaga ng mga legal na bayarin at pagbabayad para sa Abogado ng Klase.

Kung ang Paglilitis sa Mga Karaniwang Isyu ay natukoy na pabor sa mga Nasasakdal, ang mga driver at taong naghahatid na lumahok sa pagkilos ng klase ay hindi makatanggap ng anumang kabayaran mula sa demandang ito.

Dapat kayong magtago ng mga kopya ng lahat ng nauugnay na dokumento at katibayan na nauugnay sa mga serbisyo sa transportasyon o paghahatid na ibinigay ninyo gamit ang Uber App o anumang iba pang app sa transportasyon o paghahatid. Maaaring kabilang sa mga naturang dokumento at ebidensya ang mga kopya ng inyong mga kasunduan sa anumang mga kumpanya ng app sa transportasyon o paghahatid, impormasyon tungkol sa kung kailan kayo nagbigay ng mga serbisyo sa transportasyon o paghahatid gamit ang isang app, mga pahayag sa pagbabayad na ibinigay sa inyo ng anumang mga kumpanya ng transportasyon o delivery app, anumang mga dokumento sa buwis na nauugnay sa mga serbisyo sa transportasyon o paghahatid na ibinigay ninyo gamit ang isang app, at mga resibo para sa mga sariling gastos na natamo ninyo habang nagbibigay ng mga serbisyo sa transportasyon at paghahatid gamit ang isang app.

Walang mga driver o taong naghahatid, maliban sa Mga Kinatawan ng Nagsasakdal, ang mananagot para sa mga gastos na may kinalaman sa pagpapasiya ng mga karaniwang isyu. Ang mga driver at taong naghahatid ay maaaring managot para sa mga gastos na may kinalaman sa pagpapasiya ng kanilang sariling mga indibidwal na paghahabol depende sa kinalabasan ng indibidwal na pagpapasiya.

Ang Abogado ng Klase ay pumasok sa isang kasunduan sa bayaring dapat bayaran kasama ang Mga Kinatawan ng Nagsasakdal na may kinalaman sa mga legal na bayarin at dpagbabayad ng mga dapat bayaran. Ang kasunduan ay nagsasaad na ang Abogado ng Klase ay babayaran lamang kung sakaling magtagumpay sa kaso (ibig sabihin, isang kasunduan o igagawad ng hukuman). Ang kasunduan ay nagsasaad na ang Klase ay magbabayad sa Abogado ng Klase ng porsiyentong bayad na 30% mula sa kabuuang halagang nabawi ng Klase mula sa Mga Nasasakdal kasama ang mga

pagbabayad at naaangkop na mga buwis batay sa isang pagsasaayos ng bayarin sa mga kailangang bayaran. Ang mga bayarin at pagbabayad ng Abogado ng Klase ay dapat aprubahan ng Hukuman.

Inaprubahan ng Hukuman ang isang pagsasaayos ng pagpopondo sa paglilitis sa kasong ito, na nagsasabi na ang isang ikatlong partidong nagpopondo ay magsusulong ng mga gastos sa mga pagbabayad hanggang sa isang maximum na halaga at magbabayad ng anumang mga salungat na gastos na igagawad laban sa Mga Nagsasakdal hanggang sa isang maximum na halaga. Bilang kapalit ng pagbibigay ng pondo, kung ang mga nagsasakdal ay manalo o makipagkasundo, ang nagpopondo ay babayaran para sa mga paunang pagbabayad at makakatanggap ng 8-10% ng mga nalikom na iginawad sa Klase, kasama ang bayarin sa pangangasiwa ng nagpopondo.

## **6. KARAGDAGANG IMPORMASYON**

Sina Wright Henry LLP at Samfiru Tumarkin LLP ay mga Abogado ng Klase sa pagkilos na ito.

Ang kautusan ng sertipikasyon at iba pang impormasyon ay makukuha online sa: [www.uberlawsuit.ca](http://www.uberlawsuit.ca)

Para sa karagdagang impormasyon, mangyaring makipag-ugnayan kina Wright Henry LLP at Samfiru Tumarkin LLP sa mga impormasyon sa pakikipag-ugnayan na nakalista sa ibaba:

**Koreo:** Samfiru Tumarkin LLP  
RE: Uber Driver Misclassification Class Action  
350 Bay Street, 10th Floor  
Toronto, ON M5H 2S6

**Telepono:** 1-855-821-5900

**Email:** [info@uberlawsuit.ca](mailto:info@uberlawsuit.ca)

Para matiyak na makakatanggap kayo ng mga abiso sa hinaharap tungkol sa pagkilos ng klase na ito, kabilang ang mga abiso tungkol sa anumang kasunduan na maaaring makamit sa pagkilos ng klase, mangyaring magparehistro online sa: [www.uberlawsuit.ca/](http://www.uberlawsuit.ca/)

**Ang abisong ito ay naaprubahan sa utos ng Superior Court of Justice ng Ontario. Hindi masasagot ng mga opisina ng hukuman ang anumang mga tanong tungkol sa mga usapin sa abisong ito.**